OREGON DEPARTMENT OF REVENUE

# Oregon Kids Credit





## Karapat-dapat ka bang mag-claim ng pera para sa iyong pamilya?

Kung mayroon kang $30,000 o mas mababa ang kita, maaari kang makakuha ng hanggang $1,000 bawat bata para sa hanggang limang bata na limang taong gulang o mas bata.

### Matuto ng Higit pa

tumawag **2-1-1**

I-scan Ako

www.oregon.gov/dor

# Maaari ka ring maging kwalipikado para sa karagdagang mga tax credit.

Bilang karagdagan sa bagong Oregon Kids Credit, nag-aalok ang estado at ang Internal Revenue Service ng maraming tax credit para sa mga pamilyang may mababa hanggang katamtaman ang kita. Ang mga credit na ito ay puwedeng ganap o bahagyang ma-refund, kaya ang bahagi ng credit na higit pa sa inutang mo ay maaaring ibalik sa iyo. Kahit na ang mga taong walang utang na buwis ay maaaring mag-claim ng mga credit na ito kung maghahain sila ng return.



### Federal Earned Income Tax Credit

Ang Earned Income Tax Credit (EITC) ay isang pederal na credit na tumutulong sa mga manggagawang may mababa hanggang katamtaman ang kita na makakuha ng benepisyo sa buwis. Kung kwalipikado ka, maaari mong gamitin ang credit upang bawasan ang mga buwis na iyong dapat bayaran – at maaaring dagdagan ang iyong refund.



### Oregon Earned Income Credit

Kung kwalipikado ka para sa pederal na EITC maaari mo ring i-claim ang Oregon earned income credit (EIC). Kung mayroon kang isang umaasa (dependent) na mas bata sa 3 sa katapusan ng taon ng buwis (tax year), ang iyong Oregon EIC ay 12 porsiyento ng iyong pederal na EITC; kung hindi, ang iyong EIC ay 9 na porsyento ng iyong pederal na EITC. Simula sa taon ng buwis 2022, maaari mo na ngayong i-claim ang Oregon EIC gamit ang mga indibidwal na numero ng pagkakakilanlan ng nagbabayad ng buwis o individual taxpayer identification numbers(ITIN).



### Credit sa Sambahayan ng Pamilyang Nagtatrabaho at Pag-aalaga sa Umaasa o Dependent

Ang working family household at dependent care credit (WFHDC) ay isang tax credit na tumutulong sa mga pamilyang mababa hanggang katamtaman ang kita na magbayad para sa pangangalaga ng kanilang mga umaasa habang sila ay nagtatrabaho, naghahanap ng trabaho, o pumapasok sa paaralan.

**Upang matuto nang higit pa at makahanap ng libre, lokal na tulong sa paghahain ng iyong mga buwis tumawag sa 211 Info sa pamamagitan ng pagtawag sa 2-1-1; i-text ang iyong zip code sa 898211 (TEXT211); o mag-email sa help@211info.org.**